CALAMBALITA
Vol. 2 No. 04, Weekly Edition
January 29, 2018 Bilang 8

# MAKASAYSAYANG PAGBISITA NG JINJIANG CITY SA CALAMBA, SA BIERNES NA!


photo credit to: Vice Gov. Atty. Karen Agapay FB

Nagbunga na ang naging pagbisita ng delegasyong buhat sa Lungsod ng Calamba sa pangunguna ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa Jinjiang City, Fujian Province, China noong 2016 dahil ang pamunuan naman ng naturang Chinese city ang dadalaw sa Calamba ngayong darating na Biernes, 2 Pebrero.

Pangungunahan ni Mr. Li Zili, Vice Mayor ng Jinjiang Municipal People's Government, ang delegasyon ng anim (6) na opisyales na kinabibilangan ng mga deputy directors ng iba't ibang sangay ng gobyerno. Kasama rin nilang darating si Consul General Julius Caesar Flores ng Philippine Consulate sa Xiamen, China na magiging bahagi rin sa gagawing pag-aalay ng bulaklak sa bantayog ni Dr. Jose Rizal sa Dr. Jose Rizal Plaza. Puspusan ang ginagawang paghahanda ng lungsod sa pangunguna ng Cultural Affairs, Sports and Tourism Department sa pamumuno ni Gng. Larissa Malinao ng programang pagtanggap sa mga bisita. Kabilang sa mga lugar na bibisitahin ang Museo ni Jose Rizal sa Calamba, bautisaryo ng simbahan ni San Juan Bautista, ang pamosong banga at Carmelray Industrial Park.

Magiging makasaysayan ang napipintong pagbisita dahil ang mga ninuno ng ipinagmamalaking anak ng Calamba, ang ating Pambansang Bayaning si Dr. Jose Rizal, ay buhat sa Siongque Village ng Jinjiang City. Ipinagmamalaki ng mga residente ng naturang village na nagbuhat sa kanila ang lahi ni Dr. Jose Rizal at katunayan nito ang 18.61 metrong monument ng bayani sa mismong Jinjiang City, tinaguriang pinakamalaking monument ni Rizal sa labas ng Pilipinas. Simbolo din ang naturang monumento ng pagkakaibigan ng mga bansang Pilipinas at Tsina.

Isang trivia ukol kay Dr. Jose Rizal ang pagkakaroon nito ng dugong Tsino. Buhat sa Siongque Village ng Jinjiang City si Cua Yi Lam na lumikas patungong Pilipinas noong 1697. Ginamit niya ang pangalang Domingo Lamco nang mabinyagan sa Maynila at ginamit naman ang apelyidong Mercado nang lumipat sa Biñan para makaiwas sa pagtuligsa sa mga Tsino noong panahon ng mga Kastila. Naging apo ni Dominador si Juan Mercado na lumipat naman buhat sa Biñan patungo sa Calamba, Laguna. Si Juan ang ama ni Francisco Mercado na siya namang ama ni Dr. Jose Rizal, na siyang ika-23 henerasyon ng pamilya Cua buhat sa Sionque Village sa Jinjiang, China. *(Noemi Talatala)*

# RESOLUSYON NA NAGKAKALOOB NG FAVORABLE REVIEW NG TAUNANG BUDGET NG 31 BARANGAY, INILABAS NA

Sa mga sesyong ginanap ng Sangguniang Panlungsod noong 8 at 22 Enero 2018, 31 Barangay ng lungsod ang pinagkalooban ng "Resolution Granting Favorable Review of the Annual Budget for the Fiscal Year 2018" alinsunod sa Seksyon 331, 332 at 333 ng Local Government Code of 1991.

Kabilang sa mga nasabing Barangay ay ang mga sumusunod:

| BARANGAY | AMOUNT |
|---|---|
| Palingon | Php 5,898,702.00 |
| San Cristobal | Php 11,431,363.00 |
| Mabato | Php 3,148,358.00 |
| Punta | Php 6,734,653.00 |
| Lawa | Php 8,852,197.00 |
| Majada Labas | Php 6,679,287.00 |
| Bubuyan | Php 3,861,150.00 |
| Sucol | Php 5,480,999.00 |
| Real | Php 14,902,853.00 |
| Halang | Php 7,499,186.00 |
| San Jose | Php 4,755,543.00 |
| Milagrosa | Php 10,468,528.00 |
| Mapagong | Php 7,200,677.00 |
| Masili | Php 4,468,292.00 |
| Laguerta | Php 3,846,233.00 |
| Bagong Kalsada | Php 4,908,340.00 |

| BARANGAY | AMOUNT |
|---|---|
| Palo-Alto | Php 11,750,202.00 |
| Bucal | Php 11,009,289.00 |
| Barangay II | Php 6,887,786.00 |
| Uwisan | Php 3,613,192.00 |
| Bunggo | Php 4,797,333.00 |
| Ulango | Php 2,814,854.00 |
| Batino | Php 5,167,800.00 |
| Camaligan | Php 2,976,450.00 |
| Sampiruhan | Php 8,155,891.00 |
| Barangay VII | Php 4,137,659.00 |
| Prinza | Php 5,649,813.00 |
| Puting Lupa | Php 4,127,543.00 |
| Sirang Lupa | Php 7,877,870.00 |
| Turbina | Php 5,399,462.00 |
| Burol | Php 3,849,980.00 |

Napaka importante ng naturang resolusyon dahil pinagtibay nito ang mga inirekomendang pondong nakalaan bilang panustos sa mga pagawain, social services, health at iba pang mga pangangailangan ng mga naturang barangay. Binalangkas at napagkasunduan na ng Sangguniang Barangay ang bawat programang nakapaloob dito at isinumite sa City Budget Management Office para sa review. Kapag nakitang nakasalig sa Budgetary Requirements, isinusumite ang mga ito sa Sangguniang Panlungsod na siya namang susuri, magdedeliberasyon at magtitibay sa pamamagitan ng isang Resolusyon ng Pagsang-ayon o "Granting of Favorable Review" sa Pantaunang Budget ng Barangay.

Ayon kay Vice Mayor Roseller "Ross" H. Rizal, "Makakaasa kayo na patuloy ang pagsuporta ng buong Sanggunian upang maisakatuparan ang mga magagandang hangarin at proyekto para sa patuloy na pagsulong ng mga barangay sa Lungsod ng Calamba at sa ikalulugod ng mga mamamayang Calambeño".

Sa kanyang pagtatapos, ipinahatid ni Vice Mayor Rizal ang, "Isang maka-Rizal na pagbati sa inyong lahat at nawa ay patuloy tayong pagpalain ng ating Poong Maykapal". *(Camille Torres)*

## PWD: Pinahalagahan, Binigyan ng Pagkakakitaan

***In Addendum (Calambalita 7th Edition)***

Ang livelihood programs na ito para sa mga PWD ay naisakatuparan sa pamamagitan ng pagsusumikap ng mga Tanggapan ng Punong Lungsod, Persons with Disability Affairs Office, Cooperatives and Livelihood Development Department at ng Sectoral Affairs Office.

# RESPONDER CELLPHONE TRAINING, ISINAGAWA




Upang mas mapaigting at mapalawak pa ang kaalaman ng Local Disaster Risk Reduction and Management Division (LDRRMD) ukol sa mga sakuna at panganib na maaaring maranasan ng lungsod, muling nagkaroon ng pagsasanay ang mga tauhan ng LDRRMD, Public Order and Safety Office (POSO), CCTMO, Information and Communications Technology (ICT), Bureau of Fire Protection (BFP), PNP, Cultural Affairs, Sports and Tourism Department (CASTD), City Health Office (CHO), Public Affairs Office, GSO , DILG at mga Barangay Quick Response Team noong 17-19 Enero para mapag-aralan ang isang makabagong teknolohiya o cellphone system para sa tamang pangangalap at pagbibigay ng balita at impormasyon. Sa kasalukuyan, mayroon nang Command Center ang ating lungsod na pamamahalaan ng mga itinalagang Computer Aided Dispatchers na mangagaling sa ibat -ibang ahensiya. Sila ang nakatalagang mangangalap ng mga datos at impormasyon sa mga nagaganap na insidente o aksidente sa lahat ng dako ng Calamba.

Sa ngayon, mayroon nang 100 units ng cellphone na may system na at ang ating lungsod ang kauna-unahang nagkaroon nito sa buong CALABARZON. Ipinaliwanag din na maaari ring makatulong ang mga ordinaryong mamamayan sa pamamagitan ng libreng pagdadownload ng Pureforce Citizen App sa kani-kanilang cellphone na maaari nilang gamitin sa paghingi ng tulong sa Computer Aided Dispatcher.

Buo ang suporta ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pangunguna ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco at ng Sangguniang Panlungsod sa proyektong ito para sa kagalingan at kaligtasan ng ating mamamayan. *(Monica Lechuga/Marie Joy Patiga/Marivic D. Balba)*

# LIBRENG KASAL NA, MAY RAFFLE AT REGALO PA!

Nasa 80 pares ang mabibiyayaan ng libreng kasal sa pamamagitan ng isang mass wedding na tinaguriang "I DO, I DO" sa mismong Araw ng mga Puso (14 Pebrero) na inihahandog ni




Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco sa pakikipagtulungan ng Pag-IBIG Fund. Ayon kay Mr. Jeffrey Rodriguez, Executive Assistant IV, "Ang Kasalang Bayang ito ay taun-taong ginaganap sa lungsod bilang tugon sa mga nagsasama ng di kasal na taga Calamba." Nagbibigay naman ng regalo si Mayor Timmy sa lahat ng nagpapakasal.

Ayon kay G. Borris Y. de Ramos, Branch Head, MSB ng Pag-IBIG Fund- Calamba, "Ang mga magpapakasal na miyembro ng Pag-IBIG Fund ay makakasali sa raffle ng Kabuhayan Package, Appliance at Cash Gift at kung hindi pa ay dapat munang mag miyembro at magbayad ng inisyal na Php 100 savings."

Para sa mga interesadong magpakasal, maaaring pumunta sa Public Affairs Office at hanapin si G. Dick B. Mendoza o tumawag sa telepono bilang 545-6789 local 8333. *(Joel Cabactulan)*

# MAHALAGANG PAALALA MULA SA PHIVOLCS

## IMPORTANT PHONE NUMBERS:


Mayor's Office:
(049) 545-6789 local 8306

CDRRMO: (049) 545-4119
POLICE: (049) 545-1694
POSO: (049) 545-6789
FIRE Dept: (049) 545-1695

## BAGO LUMINDOL: PAGHAHANDA




Alamin kung saan ang mga ligtas na lugar sa bahay, lugar ng trabaho, o paaralan.




Magkaroon ng plano para sa buong pamilya tungkol sa mga dapat gawin kapag may lindol.



Tiyaking ang bahay o gusali ay naaayon sa mga local building codes.




Laging maghanda ng **EMERGENCY SUPPLIES KIT.** Isama dito ang mga mahahalagang papeles. Ilagay ang mga ito sa isang lugar na madaling abutin.



Tiyaking hindi mahuhulog o makapipinsala ang mga kasangkapan.

Sanaying gawin ang "D







## HABANG LUMILINDOL: PAG

Gawin ang **"DROP,**

### KAPAG NASA LOOB:

- Gamitin ang hagdan, hindi ang elevator kung lalabas ng gusali.
- Gamitin ang mga braso bilang proteksyon sa ulo at leeg.
- Lumayo sa mga salamin, bintana, o anumang bagay na maaaring bumagsak.

### KAPAG NASA LABAS:

- Lumayo sa mga gusali, poste, at kawad ng kuryente.
- Maging alerto sa mga nahuhulog na mga bato at lupa kapag nasa mga lugar na mabundok o malapit sa bangin.


### KAPAG NASA LOOB NG SASAKYAN:

- Maingat na ihinto ang sasakyan at manatili sa loob nito.
- Iwasang humimpil malapit o sa ilalim ng gusali, mga punc overpass, o mga kawad ng kuryente.

, NDRRMC, AT CALAMBA CITY GOVERNMENT


# MGA PAGHAHANDA SA LINDOL

ROP, COVER, and HOLD."




## PAPANATILI NG KALIGTASAN

COVER, and HOLD."



,

## PAGKATAPOS LUMINDOL: PATULOY NA PAG-IINGAT



Tulungan sa paglikas ang mga matatanda, may kapansanan, mga bata at buntis.



Pagkatapos ng lindol at ikaw ay nasa loob ng gusali o bahay, lumabas dito at pumunta sa isang open space.



Huwag pumasok pa sa loob ng nasisirang gusali o bahay dahil sa panganib ng aftershock. Paghandaan ang AFTERSHOCK.



Pagbalik sa tahanan, siyasatin mabuti ang tubo ng tubig at mga kawad ng kuryente. Kung may nakitang sira, isara kaagad ang main switch at ipagbigay alam agad sa otoridad.

# HAMON NG INDUSTRIYALISADONG CALAMBA, TUTUGUNAN NG BAGONG CALAMBA FIRE CHIEF

Pangunahing hamon ngayon sa bagong talagang hepe ng Bureau of Fire Protection (BFP) Calamba ang pagtugon sa Memorandum of Agreement (MOA) na nilagdaan sa pagitan ng BFP at ng Philippine Export Processing Zone (PEZA) nitong nakaraang Enero. Itinuring na isang challenge ni Fire Marshal C/Insp Jeffrey M. Atienza, tubong Nasugbu, Batangas ang maigting na pagpapatupad ng kasunduang ito dahil na rin na maraming PEZA zones at industries sa lungsod.

Nakapaloob sa nasabing MOA ang mahigpit na pagpapatupad ng Fire Code of the Philippines sa mga industriyang nasa ilalim ng pamamahala ng PEZA sa pamamagitan ng masusing inspeksyon sa mga ito bago makapagbigay ng Fire Safety Evaluation Clearance (FSEC). Bukod pa ito sa ginagawa ngayong pagsuporta ng naturang tanggapan sa ginaganap na Business One Stop Shop. Inatasan ni Fire Chief Atienza na maging mapanuri ang kanyang mga tauhan at siguraduhing may karampatang fire protection system tulad ng fire extinguisher, fire sprinkler at fire exits ang negosyo sa Calamba bago mabigyan ng Certificate of Compliance upang maiwasan ang maaaring mga sakunang dulot ng sunog.

Isang hamon din sa bagong hepe ang maitanghal na Best BFP Station sa CALABARZON at mapasama bilang Best BFP Station sa buong Pilipinas ang BFP Calamba. Nagtiwala si Fire Chief Atienza na sa suportang ipinagkakaloob ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa kanilang himpilan ay makakamit nila ang mga ito. (Joel Cabactulan)




# CALAMBUHAYAN PARA SA CALAMBEÑO, UMAARANGKADA NA!

Isinagawa kamakailan ang Oryentasyon at Pagbubuo ng Kooperatiba mula sa mga ibat-ibang sektor ng kababaihan sa Lungsod ng Calamba sa pakikipag-ugnayan ng Sectoral Affairs Office na pinamunuan ni Ms. Millet Revano. Naisakatuparan ang nasabing pagpupulong na dinaluhan ng mga iba't-ibang samahan tulad Kasama Inc., Adhika, Kalambenya, Bantay-Bayan Foundation, Rural Improvement Club, Laguna Ina, Ladies of Democracy, KLBL at Person with Disability Affairs Office (PDAO).

Ayon kay Ms. Revano, "Sumailalim na dati ang mga samahang nabanggit sa pagsasanay kung papaano sila magsagawa ng mga produktong pangkabuhayan, pagnenegosyo , lakbay aral at pagsali sa mga trade fair. Ginagawa ito ngayon upang mas mapalawak pa ang kanilang kaalaman." Ipinaliwanag naman ni G. Leonardo Opulencia, hepe ng City Cooperative and Livelihood Development Department ang kahalagahan ng pagsasanay ng mga miyembro ng samahan para sa kaayusan at kaunlaran ng kooperatiba. Pinagdiinan pa ni G. Opulencia na dapat may tiyak silang mapagkukunan ng mga produkto, may grupong gagawa ng partikular na produkto, malinis ang production site at may tiyak na mapag bebentahan tulad ng mga pasalubong center, malls at mga trade fair at maging sa mga canteen ng public schools.

Ipinaliwanag pa ni G. Opulencia na ang pagsali sa kooperatiba ay mula sa kusang saping puhunan. Maglinang muna ng isang produkto ang isang grupo upang maiwasan ang pagdodoble ng mga produkto na gagawin ng mga nasabing grupo.

Si Ma'am Laverne Chipeco, ang Unang Ginang ng Lungsod ng Calamba ang siyang nagtatag ng Calambuhayan na naglalayong mabigyan ng tiyak na kabuhayan ang mga Calambeño. *(Jo Busayong)*



# SOLO PARENT ACT OF 2000

*Republic Act 8972*



Ang Solo Parent Act o Single Parent Law RA 8972 ay isang batas na nagbibigay ng mga benipisyo at pribilehiyo sa mga solo parent o mga taong tumatayong magulang ng mga menor de edad nilang kamag-anak at direktang nagkakaroon ng responsibilidad sa pag-aaruga sa bata.

Ayon kay Ms. Wilma Elazegui, Social Worker ng City Social Services Department, may mga benipisyong ipinagkakaloob ang Pamahalaang Lungsod sa pamumuno ni Mayor Justin Marc"Timmy" SB. Chipeco at Sangguniang Lungsod tulad ng housing referral sa National Housing Authority (NHA), financial assistance, PhilHealth ng masa at sa kasalukuyan, ang pagbibigay ng libreng uniporme at school supplies sa 40 mag-aaral sa Brgy . Canlubang bilang panimula. Inihahatid ito sa pakikipagtulungan ng DILG at DepEd Division of Calamba City. Nabanggit din nya na mayroong mga pribadong establisimyento at mga civic groups na nagbibigay ng scholarship sa ilang mga batang dumadaan sa isang masusing pagpili. *(Marivic Balba)*

# URBAN ORGANIC AGRICULTURE SA CALAMBA, PINAIIGTING

Bagamat patungo na sa industralisasyon ang direksyon na tinatahak ng Lungsod ng Calamba, ang Pamahalaang Lungsod sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco ay patuloy pa rin sa pagsulong ng programang ukol sa agrikultura. Isa rito ang pagpapatupad ng organikong agrikultura di lamang sa mga malalaking sakahan, kundi lalo't higit sa mga barangay na may kakaunting lupang taniman o sa mga urban barangays.

Sa pamumuno ni G. Eufrocino J. Guerrero ng City Agricultural Services Department (CASD) isinasagawa ng mga tekniko ang libreng pagsasanay ukol sa organikong pagtatanim at "container gardening". Alinsabay sa pagsasagawa ng pagsasanay, palagiang namamahagi din ng libreng buto ng gulay at abono sa mga nais makapagtanim sa kani-kanilang bakuran.

Dahil na rin sa kahusayan sa organikong pagtatanim at "container gardening" ng ilang mga grupo ng Calambeño, nagiging kabilang sila sa mga nominado para para sa paligsahan ng urban agriculture . Pinaparangalan ang mga nagwagi at ginagawaran ng sertipiko at gantimpalang salapi tuwing Agriculture and Fishery Week tuwing Oktubre.

Ayon kay Ms. Ruby V. Arenas, pinuno ng Agri-Aqua Research and Technical Services Division maaring magtungo sa tanggapan ng CASD ang sinumang interesado sa libreng pagsasanay ukol sa organikong pagtatanim at container gardening.

Maaari namang makakuha ng buto at abono para sa mga maliliit na lupang sakahan sa "nursery" ng tanggapan, katabi ng Office of the Senior Citizen. *(Tessa Mar Espino)*


## PATALASTAS

Sa bisa po ng City Ordinance No. 639, Series of 2017, na naipasa ng Sangguniang Panlungsod ng Calamba, sa pangunguna ni Vice Mayor Ross Rizal, ay **naextend po ang application ng business permit.** Maaari po kayong magbayad ng inyong business permit **(nang walang karampatang multa or surcharges)** hanggang **Enero 31, 2018.**

## B.O.S.S.

Business One Stop Shop

update

Business Permit released as of January 31, 2018 **5,414**

## PAALALA

Sa lahat po ng nag-apply sa

**MOBILE PASSPORTING SERVICES**,

ang **Personal Appearance** ay sa 10 Pebrero, 2018, Sabado sa Central 2 - LLC Auditorium.

Pakidala na lamang po ang **original copies** ng mga dokumentong naisubmit n'yo at halagang **Php1,200**.

Ang oras po ng pagpunta ay ayon sa stub na ibinigay namin sa inyo noong kayo ay nag-apply.

Salamat po.




# DIRECTORY

OFFICE | LOCAL NO. **545-6789**

**MAYORS OFFICE 8307 / 8306**

545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225

**OSCA** 576-4963 **SECTORAL** 8213

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO
CITY MAYOR

## HON. ROSELLER H. RIZAL
CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 **VMO Extension** 8315 **VMO Staff** 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. EDISON NATIVIDAD | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**IT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222

**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

---

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895

KALAN+BANGA FYI


## EDITORIAL BOARD

**MRS. NOEMI E. TALATALA**
*Editor -In- Chief*
**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*
**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*
**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*

Staff Writers:
**RETCHIE PELIPADA,ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
Lay-out Artist

**RIKATHRINA C. LANZANAS**
Graphic Designer

**MONTE OPULENCIA/DENNIS CEPEDA**
Photographer


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/




https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/Ccciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/







